NSW GOVERNMENT Education Public Schools

Drive and park safely near schools

IMPORMASYON UKOL SA KALIGTASAN NG KALSADA

IKAW AY RESPONSABLE PARA SA KALIGTASAN NG INYONG MGA ANAK KAPAG SILA AY NAGLALAKBAY PAPUNTA AT MULA SA PAARALAN.

Magmaneho at pumarada nang maingat malapit sa mga paaralan

Ang simula at pagtatapos ng araw sa paaralan ay mga oras na abalang-abala ang mga taong naglalakad at drayber sa labas ng paaralan.

Makakatulong ka sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa pamamagitan ng pagtanda sa mga sumusunod:

- ibaba at isakay ang mga bata sa kalsadang nasa tabi ng paaralan
- huwag tawagin ang mga bata mula sa kabilang panig ng kalsada – ito ay lubhang mapanganib
- Lalong mag-iingat parati kapag nagmamaneho sa 40km na mga sona ng paaralan
- sundin ang lahat ng mga senyales ng pagparada (parking signs) – makatutulong ito upang panatilihing ligtas ang mga bata hanggat maaari
- pumarada nang responsable kahit na mangahulugan ito na maglalakad ka nang malayo sa gate ng paaralan
- huwag kailanman mag-doble sa pagparada (double park) – ito ay labag sa batas at maglalagay sa mga bata sa panganib
- huwag mag-U-turn o tatlong-puntong liko (three-point turn) sa labas ng paaralan dahil maglalagay ito sa mga bata sa panganib na mapinsala
- maging huwaran ng inyong mga anak sa pagiging maingat at mapagbigay sa mga taong naglalakad at drayber.

Para sa karagdagang suporta

Pumunta sa programa ng kagawaran na Edukasyon sa Kaligtasan sa Kalsada https://education.nsw.gov.au/road-safety-education o bisitahin ang

https://education.nsw.gov.au at hanapin ang edukasyon sa kaligtasan sa kalsada.

Kapag naglalakbay sakay ng kotse tiyakin na ang inyong mga anak ay:

- gumagamit ng upuang pampataas (booster seat) kung sila ay may edad sa pagitan ng 4 at 7 taon – ito ang batas
- ay wastong nakabitan ng kanilang mga seatbelt
- laging sumakay at bumaba sa kotse sa pamamagitan ng 'pintuang ligtas' (safety door) – ang pinto sa likuran na nasa bahaging daang-lakaran (footpath) ng kotse
- ay hindi iniiwang mag-isa sa kotse.

Hanggang 6 na buwan
Inaprubahang paharap-sa-likurang upuan ng bata sa sasakyan (child car seat)

6 na buwan hanggang 4 na taon
Inaprubahang paharap-sa-likuran – o paharap-sa-unahang upuan ng bata sa sasakyan (child car seat)

4 + taon
Inaprubahang paharap-sa-unahang upuan ng bata o upuang pampataas (booster seat)

145cm o mas matangkad
Iminungkahing minimum na taas upang gamitin ang lap-sash seatbelt para sa may-gulang na